# Balitang Manmin

BILANG 64 HUNYO 17, 2012


# Pinapurihan si Jesu-Cristo sa 2012 Crystal Music Festival

## Naglagablab ang Apoy ng Pagbabagong Buhay sa Israel Dahil sa Pagkilos ng Banal na Espiritu















■ Litrato 1: Tumanggap ng panibagong lakas ang mga pastor sa Israel pagkatapos ng Krusada ng Pagkakaisa na pinangunahan ni Dr. Jaerock Lee noong 2009. Matapang na nilang ipinapangaral ang tungkol kay Jesu-Cristo ■ Litrato 2: Ang 2012 Crystal Music Festival noong Mayo 19 ■ Litrato 3: Ang pagtatanghal ng Passion Chorus ng Manmin Central Church noong 2012 Music Festival ■ Litrato 4: Pagsasaayos ng mga miyembro at mga magtatanghal sa 2012 Music Festival ■ Litrato 5: Nananalangin si Pastor Daniel Rozen, isang lider ng Crystal Forum, para sa mga may sakit sa buong mundo gamit ang panyo na makapangyarihan. ■ Litrato 6: Ika-3 Anibersaryo ng Crystal Forum na idinaos noong Disyembre, 2011 ■ Litrato 7: Ika-2 Pagtitipon na Gumugunita sa Krusada ng Pagkakaisa sa Israel na idinaos noong Oktubre 2011 (Tagapagsalita: Pandaigdigang lider ng Pagbabagong Buhay – Pastor Morris Cerulo)

Noong Mayo 19, matagumpay na idinaos ang Crystal Music Festival para sa taong 2012 sa Latrun Mini Israel. Ito ay pinangunahan ng Crystal Forum (samahan ng mga pastor na taga- Israel) at dinaluhan ng may dalawang libong tao. Nakibahagi sa okasyon ang mga kilalang mang-aawit ng papuri na nagmula pa sa maraming mga bansa kasama ang Rusya, Estados Unidos, Ukraine, Bulgaria, at Finland. Ito ay isinahimpapawid sa mahigit-kumulang isandaan at limampung bansa sa pamamagitan ng TBN-Rusya.

Inimbitahan ang Passion Chorus at si Diakonesa Ronya Son ng komite ng Sining ng Manmin Central Church. Niluwalhati nila ang Diyos sa pamamagitan ng mga sayaw at papuring awitin sa wikang Hebreo, Ruso, at Lingala na tunay na puspos ng Banal na Espiritu. Napakagara ng kanilang pagtatanghal at mga kasuotan kaya nasabi ng mga manonood na parang nasa langit sila. Namangha sila sa husay ng pagbigkas ng wika nila kaya nagtanong sila kung sinabayan lang ang naka-record na mga awit.

Makabuluhan ang okasyong ito dahil hayagan at matapang na pinapurihan ng mga lokal na iglesya ng Israel si Jesu-Cristo nang may nagkakaisang damdamin. Dati ay pinababayaan at malayo ang loob ng lipunan sa mga Judiong naniniwala at tumanggap kay Jesu-Cristo bilang Mesyas. Subalit lumakas ang loob ng mga Judiong ito sa tulong ng Banal na Espiritu at nagpuri sa Panginoon sa isang lantad na lugar.

Ipinangaral ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang ebanghelyo sa buong Israel sa labindalawang beses na pagbisita niya mula 2007 hanggang 2009. Sinundan ito ng makapangyarihang mga pangyayari. Dahil sa pagkilos ng Espiritu, napagtanto ng mga pastor doon ang pag-ibig ng Diyos at ang kalooban Niya para sa mga Judio. Nagtipon sila sa patnubay ng Espiritu para sa paglago ng mga iglesya doon at sa pag-oorganisa ng samahan ng mga pastor. At naitatag nga nila ang samahan ng mga pastor na tinawag nilang “Crystal Forum.”

Pagkatapos, idinaos ng Crystal Forum ang Krusada ng Pagkakaisa sa Israel noong 2009 sa pangunguna ni Dr. Jaerock Lee sa ICC (International Convention Center) sa Jerusalem. Sa krusadang ito, buong tapang na ipinahayag ni Dr. Lee ang mensaheng “Why is Jesus Our Only Savior?” (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?). Ito ang nagbalik ng ebanghelyo sa Israel. Isinahimpapawid ito sa may dalawandaang bansa, na ikinagulat ng buong mundo.

Ang mga pastor ng Crystal Forum ay nakapagdaos na ng mga krusada sa mga bansang Estados Unidos, Rusya, Ukraine, Bulgaria, Estonia, Finland at Israel ng mga krusadang may panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Saan mang lugar sila magtipon, naipapahayag ang maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu at nagkakaroon ng Banal na pagpapagaling. Maraming mga buhay ang nagbago sa mga pagtitipon at hanggang ngayon, mayroong mga nagpapatotoo.

At naging pagkakataon din ito para sa malawakang pamamahagi ng ebanghelyo ng kabanalan sa pamamagitan ng mga libro ni Dr. Lee tulad ng *Awaken Israel!*, *The Message of the Cross*, *The Measure of Faith*, *Tasting Eternal Life before Death*, at *Heaven I at II*. Ang mga kurso ng MIS (Manmin International Seminary) ay sinimulan na sa Tel Aviv, Ashdod, at Jerusalem. Ibinatay ang mga ito sa mga pagtuturo ng ebanghelyo ng kabanalan sa maayos na pamamaraan para palakasin ang mga mananampalataya sa Salita at palaguin ang kanilang pananalig. Sinimulan na rin ang mga kursong ito sa Ukraine, Cyprus, at Kazakhstan.

Sa kasalukuyan, isinasahimpapawid araw-araw mula sa Israel ang mga sermon at mga pananalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit sa TBN-Russia, CNL TV, Holy God TV, at Rodnoy. Maraming tao ang nakakaranas ng paggaling at pagbabago. Nagpatotoo si Mira Rabhari na naging malusog siyang muli dahil sa panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa kalawakan at panahon. Napanood at napakinggan niya ito sa TBN-Russia. Ang pangalawang anak naman niya na sugapa sa alak at droga ay nagbago rin.

Umaasa kami na aktibong maipapalaganap ang ebanghelyo ng kabanalan at magpapatuloy ang maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu.

# Kung Saan Ka Pupunta

"Ngunit sinabi ni Ruth, 'Huwag mo akong pakiusapan na kita'y iwan, o talikuran ko na ang pagsunod sa iyo! Kung saan ka pupunta ay doon ako pupunta; kung saan ka nakatira ay doon ako maninirahan; ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Diyos ay aking Diyos. Kung saan ka mamamatay ay doon ako mamamatay, at doon ako ililibing. Gayon nawa ang gawin ng PANGINOON sa akin at higit pa, kahit na ihiwalay ako ng kamatayan sa iyo.'" (Ruth 1:16-17)

Sa kasalukuyan, laganap na ang pagiging makasarili at pagpapahalaga sa mga materyal na bagay kaya't hindi na ginagampanan ng mga tao ang pangunahing tungkulin nila bilang tao. May mga anak na inaabandona ang kanilang mga magulang sa lugar na hindi pamilyar sa kanila. May mga magulang na nagmamalupit o ginugutom ang mga anak nila hanggang sa mamatay ang mga ito. Nanlalamig na ang pag-ibig, wala nang pagmamahal ang mga tao sa isa't isa, at wala nang moralidad.

Sa Biblia, inibig ng Diyos ang isang babaing Hentil dahil pinagsilbihan niya ang biyenang maagang nabiyuda. Ang babaing ito ay si Ruth. Ano ang mga kabutihang nagawa niya para maluwalhati ang Diyos at paano siya hinangaan ng maraming salinlahi?


Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Sa panahong nag-iisa ang biyenan niya, pinagsilbihan ito ni Ruth hanggang sa wakas

Nanirahan si Elimelec at ang asawa niyang si Naomi sa Bethlehem. Nagkaroon ng taggutom sa lugar na iyon, kaya pumunta sila sa Moab kasama ang dalawang anak nilang lalaki at doon sila nanatili. Hindi nagtagal, si Elimelec na ama ng tahanan ay namatay. Pagkalipas ng sampung taon, namatay din ang dalawang anak na lalaki. Lahat ng lalaki sa pamilya ay namatay nang hindi nagkakaanak. Ang naiwan sa pamilya ay si Naomi, at ang mga manugang niyang sina Orpah at Ruth.

Sa ganoong situwasyon, nagdesisyon si Naomi na bumalik sa Moab dahil nabalitaan niyang dumalaw doon ang PANGINOON at nagbibigay ng pagkain. At sinabi niya sa dalawa niyang manugang, "Bawat isa sa inyo ay bumalik na sa bahay ng inyu-inyong ina." Gusto niyang makapagsimulang muli sila ng bagong buhay habang bata pa.

Dahil paulit-ulit si Naomi sa pakiusap na ito, iniwan siya ni Orpah, habang umiiyak, subalit desidido si Ruth na sumama sa kanya, "Huwag mo akong pakiusapan na kita'y iwan, o talikuran ko na ang pagsunod sa iyo! Kung saan ka pupunta ay doon ako pupunta; kung saan ka nakatira ay doon ako maninirahan; ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Diyos ay aking Diyos. Kung saan ka mamamatay ay doon ako mamamatay, at doon ako ililibing. Gayon nawa ang gawin ng PANGINOON sa akin at higit pa, kahit na ihiwalay ako ng kamatayan sa iyo." (Ruth 1:16-17) Sinabi niyang kamatayan lang ang makakapaghiwalay sa kanilang dalawa.

Hindi maiwanan ni Ruth ang nagkakaidad na biyenan dahil wala itong ibang maaasahan. Gusto niyang gawin ang tungkulin niya bilang manugang kahit ibig sabihin nito ay maghihirap at magdurusa siya. Dahil mayroon siyang mabuting kalooban, hindi niya inisip iyon, kundi inalala niya ang biyenan niya.

Subalit kung hinangad ni Ruth ang sarili niyang kapakanan, maaaring sinabi lang niya na hindi siya aalis subalit iiwanan din niya si Naomi dahil napilitan siyang umalis katulad ng ginawa ni Orpah. Pero minahal ni Ruth ang biyenan niya nang buong puso, ni hindi sumagi sa isip niyang iwanan si Naomi.

Para kay Ruth, ang Bethlehem ay isang lugar na hindi pamilyar. Walang bahay o pagkain para sa kanila. Hindi rin tiyak kung mayroon silang pagkakakitaan ng pera. Magkagayun man, hindi hinangad ni Ruth ang sariling pakinabang at buo ang loob na hinarap ang tungkuling pagsilbihan ang biyenan. At hindi niya kailanman pinagsisihan ito.

### 2. Hinahanap ng Diyos ang isang taong mabuti katulad ni Ruth

Ang mabubuting tao ay hindi tumitingin sa mga nangyayari o sa mga maaaring mangyari, at hindi nila hinahangad ang sariling pakinabang. Ginagawa lang nila ang dapat gawin at nagpapatuloy sa kabutihan kahit na mawalan sila o manganib ang buhay nila. Hindi sila humihinto sa paggawa ng mabuti kahit dumaan sa ilang pagsubok at isinasakripisyo nila ang sarili nila para sa kapwa. Hindi nagbabago ang paggawa nila ng mabuti bilang pagsunod sa tungkulin nila.

Naghahanap pa rin ang Diyos ng mga taong katulad ni Ruth na gumagawa ng kabutihan, tumutupad sa mga tungkulin at hindi nagbabago. Subalit iilan lang ang gumagawa ng mabuti. Halos walang gumagawa ng kabutihan hanggang sa huli. Maraming tao ang lumalayo at nagtataksil sa mga taong naging mabuti at nakatulong sa kanila.

Nagtaksil si Judas Iscariote kay Jesus, ang guro niya, at ginawan niya ito ng masama para sa sarili niyang pakinabang. Sa bandang huli, ikinamatay niya ang ginawa niya. Pinagtaksilan niya si Jesus na nagturo sa kanya ng kaalaman tungkol sa buhay at nagdala sa kanya sa daan patungo sa Langit. Subalit ipinagkanulo niya si Jesus sa mga matatanda at mga punong pari ng simbahan sa halagang tatlumpung pirasong pilak.

Iniwan si apostol Pablo ng ilang taong nakasama niya sa pangangaral ng ebanghelyo. Bumalik sila sa kamunduhan noong makaranas na ng kahirapan. Kahit nasaksihan pa nila ang hindi mabilang na mga tanda at himala na ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni apostol Pablo, umalis pa rin sila dahil natakot sila sa pag-uusig at paghihirap. Inisip nila ang mga sarili nila dahil wala silang kabutihan sa puso nila.

Maraming ganitong klaseng tao sa paligid natin. Sinabi nilang maglilingkod sila nang buong katapatan at buong kagalakan noong nakilala nila ang Diyos sa unang pagkakataon. Pero habang tumatagal, tumatalikod sila sa pagpapala. May mga tao ring nangangako sa Diyos nang padalus-dalos para lang makakuha ng kasagutan sa mga hiling nila. Subalit nang makuha na ang sagot sa panalangin, nagbago na ng isipan at kinalimutan na ang pangako Gusto lang nila ang sariling pakinabang. Napakalayo nito sa pusong hinahanap ng Diyos.

Samakatwid, napakamahalaga na sundin ang Salita ng Diyos hanggang sa huli, hindi nagbabago ang kalooban kahit na ano pa ang mangyari. Hindi sapat ang pagsasabi ng "Mahal kita, O Diyos." Dapat nating malampasan ang ganoon at manatili ang pagtitiwala sa Diyos kahit na manganib pa ang buhay natin. Manatili tayong nananalig kahit na itapon pa tayo sa naglalagablab na pugon tulad ng ginawa sa tatlong kaibigan ni Daniel.

### 3. Mga biyayang ipinagkakaloob sa mga hindi nagpapabaya sa kanilang mga tungkulin at sa mga gumagawa ng mabuti

Dahil nalulugod ang Diyos sa kabutihan, nagkakaloob Siya ng mga biyaya sa atin kapag may ginagawa tayong kahit kaunting kabutihan. Nagpakita ng magandang halimbawa sa lugar nila ang isang miyembro ng iglesya ko sa pagsisilbi sa mga biyenan niya katulad ng ginawa ni Ruth. Iniwanan siya ng asawa niya at lumayo ito. Napilitan siyang tumira sa napakaliit na bahay kasama ang mga biyenan niya. Ang biyenan niyang lalaki ay nakaratay dahil sa aksidente, kaya kailangan niya itong alagaan.

Subalit hindi niya sinisi ang asawa niya o ang pangyayari. Hindi niya inisip, "Bakit kailangang maging ganito ang buhay ko?" Hindi siya nawalan ng pag-asa. Naniniwala siyang babaguhin ng Diyos ang mahirap na situwasyon niya ngayon. Ginawa lang niya ang tungkulin niya at pinagsilbihan ang mga biyenan niya.

Dahil nakita ng Diyos na tapat pa rin niyang ginagawa ang tungkulin niya, niloob Niyang pauwiin ang asawang lalaki kahit wala itong intensyong umuwi. At biniyayaan siya ng Diyos ng mas magandang bahay para doon itatag ang isang masayang pamilya.

Sa ganitong paraan, ang mga gumagawa ng tungkulin nila at naghahangad ng ikabubuti ng iba ay napapamahal sa kapwa. Kikilalanin sila bilang mga taong mapagkakatiwalaan. Sila ay magbibigay lugod sa Diyos katulad ni Ruth. Mawawala ang mga pagsubok sa tahanan, eskuwelahan, at trabaho nila. Hindi makakagalaw ang kaaway na diyablo at Satanas dahil iingatan sila ng Diyos. Kaya malulutas ang mga problema nila at mabibiyayaan sila.

Kahit hindi Judio si Ruth, biniyayaan pa rin siya para makapag-asawa ng mayamang lalaki na kamag-anak ng namatay niyang asawa. Lumakad siya sa tamang daan at nagpatuloy sa pagtupad ng tungkulin niya. Mula sa kanyang mga inapo, ipinanganak si Haring David. Si Ruth ay nasa lahi ni Jesus kahit na siya ay isang Hentil.

Mahal kong mga kapatid,

Si Ruth ay isang babaing Hentil, subalit hindi lang siya kasama sa lahi ni Jesus kundi naging dakilang babae din siya sa Langit. Tinupad niya ang tungkulin niya bilang manugang at pinagsilbihan niya ang biyenan niya hanggang sa huli. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tamasahin nawa ninyo ang kamangha-manghang mga biyaya dahil ang kabutihan ninyong hindi nagbabago ay ikinalulugod ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.


"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Pag-ibig ng Panginoon para sa Lahat ng Tao sa Buong Mundo

## Ang Ika-25 Anibersaryo ng *Balitang Manmin*, Espirituwal na Babasahin para sa Lahat




Sa ngayon, ang *Balitang Manmin* ay isinasalin at inilalathala sa dalawampu't limang wika. Naikalat na ito sa buong mundo at nagdadala ito ng pagbabago at pagpapasigla sa hindi mabilang na mga kaluluwa. Linggo-linggo, inilalapat ni Dr. Jaerock Lee ang mga kamay niya sa isang kopya ng bagong lathalang *Balitang Manmin* at nananalangin: "Nawa'y tumanggap ng inspirasyon at kapuspusan ng Banal na Espiritu ang lahat ng mga mambabasa at tumanggap nawa sila ng mga solusyon sa mga problema nila, sagot sa mga hiling nila, at mga biyaya."

Ang *Balitang Manmin* ay napamahal na sa mga tao dahil sa nilalaman nitong iba't ibang pampasigla at nagbibigay ng pag-asang mga artikulo para sa mga Cristiano tulad ng Salita ng Buhay, mga patotoo, mga balita tungkol sa pagmimisyon, mga pagkakakawanggawa, at mga tuntunin para sa isang Cristiano. Ipinagdiriwang nito ngayon ang ika-25 anibersaryo.

Noong Mayo 17, 1987, inilabas ang pinakaunang isyu ng *Balitang Manmin* na tinawag na Manmin Joong-ang News. Noong una, inilalathala ito tuwing ikalawang buwan. Hindi nagtagal, buwan-buwan na itong inilalabas. Noong Oktubre 1991, sinimulan na itong ilathala ng dalawang beses sa isang buwan.

Maraming magandang pagbabago sa *Balitang Manmin* hindi lang balita ng lokal na iglesya ang hatid nito, may mga espirituwal na artikulo din ito para sa mga mananampalataya sa labas ng bansa. Noong Oktubre 2009, nang tawagin itong '*Balitang Manmin*,' nagsimula itong ilathala bawat linggo. Sa kasalukuyan, mababasa na rin ito sa internet.

Isang mahalagang babasahin ang *Balitang Manmin* sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kabanalan at makapangyarihang mga pagkilos para gisingin ang mga iglesya, mga pastor, at mga miyembro ng iglesya sa buong mundo. Inilalathala ito sa dalawampu't limang wika kasama na ang wikang Koreano, Ingles, Intsik, Frances, Kastila, Ruso, at Hapon.

Nilalaman ng *Balitang Manmin* ang sari-saring balita mula sa Manmin Central Church at ng mga sangay at katuwang na iglesya nito. Nagbibigay ito ng impormasyon na kinakailangan para sa buhay Cristiano tulad ng 'Salita ng Buhay' at mga 'Patotoo'. Sa ganitong paraan, maaari itong gamitin para sa pangangaral ng ebanghelyo sa ibang bansa ng mga sangay at katuwang na mga iglesya. Makakatulong din ito sa paglago ng pananampalataya ng mga miyembro ng iglesya.

Maraming mga miyembro ng iglesya sa Korea at sa ibang bansa ang nagpatotoo na nagkaroon sila ng pananampalataya at tumanggap ng mga biyaya at ng kasagutan sa mga hiling dahil sa *Balitang Manmin*.

Ang sabi ni Pastor Nongnuk ng Bangkok, Thailand, "Sa pagbabasa ko ng *Balitang Manmin*, nalaman ko na mayroon pa ring iglesya kung saan nangyayari ang makapangyarihang mga pagkilos ng Diyos. Nadarama ko ang inspirasyon ng Espiritu sa 'Salita ng Buhay'. Natitiyak kong ginagamit ng Diyos si Dr. Jaerock Lee sa katapusan ng panahong ito at hinahayaan siyang ipakita na ang Diyos na Manlilikha ay buhay sa pamamagitan ng makapangyarihang mga kaganapan at ebanghelyo ng kabanalan."

Nakapagtatag na rin ang *Balitang Manmin* ng network sa buong mundo sa pagbabalita para sa proyektong pandaigdigang iglesya. Ito ay para maging mabilis ang paghahatid ng magagandang mga pangyayari at mga patotoo ng mga mananampalataya sa bawat sulok ng mundo.

Para matugunan ang pagmamahal at interes ng mga mambabasa, dinadagdagan pa ng mas maraming wika ang inilalathalang *Balitang Manmin*. Malapit nang mabasa ng regular ang *Balitang Manmin* sa wikang Hebreo, Estonia, Urdu, Ukraine, at Vietnam.

Ang *Balitang Manmin* sa wikang Ingles, Intsik, Frances, Kastila, Ruso, at Hapon ay mababasa sa website na 'www.manmin.org'. Inihahanda na rin ang diyaryong nasa 'PDF format'. Sa kasalukuyan, dinidebelop ang 'electronic' na pagbabalita at ang *Balitang Manmin* sa wikang Koreano para sa mga gumagamit ng 'smart phone'.

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714

# "Gumaling Ako nang Talikuran ang Maligamgam na Buhay Cristiano Ko"

**Kap. Chanmee Hwang**
(Misyon ng mga College Juniors)





Bago ipanalangin
Marso 26, 2012
Ang mga bato
(calcium deposits)



Pagkatapos ipanalangin
Mayo 9, 2012
Wala na ang mga bato

Noong Marso 22, nakaramdam ako ng pananakit sa kaliwang pulso ko. Habang tumatagal, lumalala ito at halos himatayin ako kapag nakakanti ito. Nagpasuri ako noong Marso 26 at 27. Ayon sa resulta, mayroon akong apat na bato sa pulso ko na tinatawag na calcific tendenitis carpal tunneling (may mga namuong calcium na parang nagiging bato). Kapag napapadikit sa litid ang mga bato, nagkakaroon ng matinding pananakit.

Ipinayo ng doktor na magpaopera ako. Sinabi niyang bihira sa mga taong kasing bata ko ang nagkakaroon ng ganitong sakit. Pero naisip kong magandang pagkakataon ito na maranasan ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos dahil palagi kong nasasaksihan ang mga banal na pagpapagaling sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee.

Nagbalik-tanaw ako sa buhay Cristiano ko at sinubukang pag-isipan kung bakit nagkaroon ako ng ganitong karamdaman. Natanto kong sanhi ito ng maligamgam na pananampalataya ko at napaiyak ako dahil dito. Ipinanganak ako sa isang Cristianong pamilya, subalit hindi pa ako nakakaranas ng matinding pangyayari sa buhay ko para madama ko ang pag-ibig ng Panginoon. Kaya iniisip ko noon, "Hindi dapat maging ganito ang buhay ko," pero wala pa ring pagbabagong nangyayari sa akin.

Noong Marso 15, bago sumakit ang pulso ko, napanaginipan ko si Dr. Lee. Habang hawak niya ang mga kamay ko, sinabi niya, "Gusto kitang isama sa Bagong Jerusalem pero parang turista ka lang at hindi ka taga-doon." Ipinaliwanag niya sa akin ang sukat ng pananampalataya ko. Naalala ko ang puspos ng pagmamahal na payo ni Dr. Lee sa akin sa panaginip ko. Hindi ko mapigilang mapaiyak.

Dumalo ako sa pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling sa Manmin Prayer Center. Idinalangin ako ni Gng. Boknim Lee gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Tinanggap ko ang pagpapala ng lubos na pagsisisi. Pagkatapos noon, nawala na ang nararamdaman kong matinding pananakit.

Noong Abril 20, nagpa x-ray ulit ako sa ospital. Nakita sa x-ray na ang apat na bato ay halos natunaw na, mga bahid na lang ang natitira. Paulit-ulit akong tinatanong ng doktor kung nakapagpagamot na raw ba ako. Sinabi ko sa kanya, "Hindi pa". Hindi niya maunawaan ang pangyayari pero nakisaya pa rin siya sa akin.

Nagpasiya akong magpagaling na nang lubusan. Umasa ako sa Diyos sa pamamagitan ng pagsisisi, pag-aayuno, at pananalangin. Sa wakas, noong Mayo 9, nakita sa resulta ng pagsusuri na wala na akong karamdaman. Hallelujah!



# "Sa Kapangyarihan ng Diyos, Gumaling Ako sa Pagiging Baog at Nagkaanak ng Dalawa"

**Kap. Yamashita Ikumi**
(Ida Manmin Church, Japan)

Naging magnobyo kami ng asawa ko (Yamashita Yusaku) sa loob ng limang taon at nagpakasal kami noong Hulyo 4, 2009. Gusto naming magkaanak kaagad dahil natutuwa kami sa mga bata. Subalit mahina ako at napakapayat, parang ting-ting. Hindi rin regular ang 'buwanang dalaw' (regla) ko dahil madalas bumaba ang timbang ko noong nasa high school pa ako.

Sinabi ng doktor sa akin na mahihirapan akong magbuntis. Mahirap itong tanggapin pero umasa pa rin kami. Nagsimula akong dumalo sa Ida Manmin Church noong 2005 sa pamamagitan ng asawa ko. Dahil sa mga nasaksihan kong napakaraming makapangyarihang pagkilos ng Diyos, na walang imposible para sa Kanya, nanalig akong magbubuntis din ako. Kaya sinimulan naming mag-asawa ang taimtim na pananalangin para magbuntis ako.

Noong huling Miyerkules ng Hunyo 2009, dumalo kami sa Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling na idinaos sa Ida Manmin Church (Ang Mga Gawa 19:11-12). Maalab kaming ipinanalangin ni Pastor Seungil Ryu gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Lee. Pinagsisihan namin ang mga nagawa naming kasalanan noon na laban sa Salita ng Diyos.

Sa loob ng apat na buwan, naging malusog ako at sa biyaya ng Diyos ay naglihi. Ang mas malaking ipinagpapasalamat ko sa Diyos ay nang iligtas Niya kami ng sanggol ko nang maaksidente sa kotseng sinasakyan namin. Iningatan Niya kami.

Noong July 11, 2010, ipinanganak ko ang sanggol na matagal naming hinintay! Manghang-mangha ako nang kumilos siya sa mga braso ko.

Habang nakikita kong lumalaking malusog ang magdadalawang taong gulang kong anak na babae, hindi ko mapigilang magpasalamat sa Diyos dahil sa pag-ibig Niya. Buntis ulit ako ngayon, walong buwan - ang pangalawang sanggol ko. Maraming salamat sa Diyos! Hallelujah!

GCN
GLOBAL • CHRISTIAN • NETWORK
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS
Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN
World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com